PAGPA-FILE NG MUNICIPAL AT PREFECTURAL TAX

市・県民税の申告について

Ang lahat ng naninirahan sa Shizuoka City mula ng Enero 1 ay kailangang magbayad ng municipal at prefectural taxes para sa fiscal year 2011.

Ang mga gastusin na inilalaan ng pamahalaan ng siyudad at prefectural sa iba't-ibang serbisyo ay nagmumula sa suporta ng municipal at prefectural taxes na binabayaran ng mga residente. Ang mga buwis na ito ay batay sa mga individual taxes mula sa nakaraang taon at ibinubukod mula sa income tax (na kinokolekta ng national government) na batay rin sa mga kita sa taong 2010.

May ilang residente na di na kailangang magbayad ng income tax subalit may posibilidad pa rin na kailangang nilang magbayad ng municipal at prefectural taxes.

● Ang mga nagfile na ng income tax papers ay di na kailangang mag-file pa ng municipal at prefectural taxes.

1. Mga nagtatrabaho o namamasukan

* Maliban sa kinikita ay may iba pang pinagkakakitaan.

* Tumatanggap ng kita mula sa 2 o higit pang pinagtatrabahuhan.

* Ang mga walang KYUYO SHIHARAI HOKOKUSHO (report of salary payments) na ipinapadala sa City Hall ng pinagtatrabahuhan.

2. Residenteng walang kinikita

Kung ang kabuoang kinita sa loob ng taong 2010 ay hindi lalagpas sa itinakdang halaga ng dapat bayaran sa buwis.

(makipag-ugnayan para sa tamang kuwenta ng inyong kinita upang malaman ninyo kung cover ba kayo sa mga dapat magbayad)

3. Panahon at lugar ng pagpa-file:

Panahon: Pebrero 16~Marso 15, 2011

Lugar:

Aoi Ward Office, 2F, Zeimu Ka (Tax Division)— Tel: 221-1041

Suruga Ward Office, 2F, Zeimu Ka (Tax Division) — Tel: 287-8662

Shimizu Ward Office, 2F, Zeimu Ka (Tax Division) — Tel: 354-2072～2075